REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

PHILIPPINES
Sama-Sama sa DECS

May 2, 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 221, s 2000

PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO

Sa mga
Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya
Tagapamanihala/Administrador ng mga Paaralang Bokasyonal

1 Ang Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino (PSWF)-ARMM sa Sulu State College, Jolo, Sulu ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Filipino sa Multi-Purpose Gymnasium, Sulu State College, Poblacion ng Jolo, sa Oktubre 24-26, 2000

2 Ang paksa ng gawaing-kapulungan ay 'Mga Istratehiya sa Pananaliksik at Pagsasalingwika para sa Kagamitang Pampagtuturo sa/ng Filipino" Ang layunin at inaasahang kahihinatnan ng gawaing-kapulungan na ito ay ang mga sumusunod

a. Magkakaroon ng napapanahon na kaalaman sa mga paraang teknikal sa pananaliksik pangwika at pampanitikan,

b Mabilis at epektibong paraan ng intelektwalisasyon at pagpapalaganap ng wikang Filipino, at

c Higit sa lahat, magiging bahagi ng paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino ang mga wikang kultural at panitikan ng rehiyon ng mga Muslim

3 Ang inaasahang dadalo sa gawaing-kapulungan na ito ay mga superbisor, koordineytor, guro sa Filipino at puno ng Kagawaran ng Filipino sa antas elementarya at sekundarya o sinumang kinatawan na ipadadala ng namumuno sa mga paaralan at tanggapan ng DECS Kalakip ang tentatibong programa ng mga gawain

4 Ang rehistrasyon ay Pitong Daang Piso (P700 00) para sa tatlong tanghalian, limang meryenda, seminar bag at mga nilalaman Hindi kasama dito ang akomodasyon Maaaring dumalo ang mga guro mula sa pampublikong paaralan sa opisyal na oras lamang Ang mga magmumula sa pribadong paaralan ay mangyaring makipag-ugnayan sa kanilang administrador

5 Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

ANDREW B GONZALEZ, FSC
Kalihim

Kalakip
Gaya ng nasasaad

Sanggunian
W a l a

Pamumudmod 1—(D O 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa

SEMINARS
WORKSHOPS

**Palatuntunan ng mga Gawain**
Oktubre 24 25 26 2000

| Oras | Unang Araw (Oktubre 24) | Ikalawang Araw (Oktubre 25) | Ikatlong Araw (Oktubre 25) |
|---|---|---|---|
| 8 00 N G | * Pambukas<br>* Oryentasyon at Paglalahad ng Layunin ng Sentro | Paksa<br>Mga Teorya at paraan ng pagsasalin sa Filipino ng mga katutubong Panitikan at Lexicon ng Rehiyon | Paksa<br>Pag uulat ng bawat pangkat sa output ng Seminar workshop<br>Ebalwasyon<br>Impormasyon |
| 10 00 N G | **PAMATID-UHAW** | | |
| 10 15 N G | Paksa<br>Paraan ng Paghahanda ng Project<br>Proposal sa Pananaliksik | Gawain<br>Pagbuo ng mga kagamitang Pampagtuturo sa Tersyarya Sekundarya at Elementarya | Paksa<br>Pampinid na Palatuntunan<br>Pagkakaloob ng Sertipiko ng Pagdalo at Paglahok |
| 12 00 N T | **PANANGHALIAN** | | |
| Worksyap sa Project Design | Worksyap<br>Worksyap sa Pagsasalin | Gawain<br>Pagpapakitang turo sa Tersyarya Sekundarya Elementarya batay sa output | |